DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RECEIVED
24 JUN 2026

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

CTRL NO. 2026-06-00M

PARA SA: Frenlyn I. Paraiso, Iris Joy R. Cabaltera, Laryne Ayessa Barroga, Sharalyn R. Vargas, Homer O. Matuciños, Carl Justin Espinola, Angelo Z. Flor, Joel B. Moreno
**(Pararaanin sa bawat Puno ng Tanggapan)**

MULA KAY: **MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

PAKSA: **Pagbuo ng Pangkat para sa Interpretasyon ng Jingle ng SDO Lungsod ng Iriga Kaugnay ng Paglahok sa 2026 Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko**

Petsa: 22 Hunyo 2026

1. Bilang bahagi ng paghahanda at pakikilahok ng Schools Division Office (SDO) Lungsod ng Iriga sa **2026 Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko**, ang mga kawaning nakatala sa itaas ay itinatalaga bilang mga kasapi ng **Pangkat para sa Interpretasyon ng Jingle ng SDO Lungsod ng Iriga**.

2. Layunin ng pangkat na makabuo ng isang **sayaw at video dance presentation** na magpapakita at magbibigay-buhay sa mensahe, adhikain, at pagpapahalaga ng SDO Lungsod ng Iriga na nakapaloob sa opisyal nitong jingle. Ang nasabing pagtatanghal ay magsisilbing bahagi ng mga kinakailangang dokumentasyon at pagpapakita ng pinakamahusay na mga gawain ng tanggapan para sa 2026 Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko.

3. Kaugnay nito, inaasahan ang mga sumusunod na gawain ng pangkat:

a) Bumuo ng koreograpiya na naaayon sa mensahe at tema ng opisyal na jingle ng SDO Lungsod ng Iriga;
b) Magplano, magsanay, at magsagawa ng isang video dance presentation bilang bahagi ng mga kahingian sa naturang programa;
c) Makipag-ugnayan sa mga kinauukulang opisyal para sa maayos na pagsasakatuparan ng mga gawain; at
d) Tiyakin ang kalidad at kahandaan ng pagtatanghal bago ang pinal na pagkuha ng video.

4. Upang maisakatuparan ang mga nabanggit na gawain, ang pangkat ay magsasagawa ng regular na ensayo tuwing **Lunes, Miyerkules, at Huwebes (MWTh) sa ganap na ika-4:00 ng hapon**, simula sa pagtanggap ng memorandum na ito hanggang sa matapos ang produksiyon ng video dance presentation (***Hulyo 16, 2026***).

5. Hinihiling ang agarang diseminasyon at pagtalima.